



ISANG PATNUBAY SA PAGBOTO SA CALIFORNIA

Bakit boboto?

Ang mga halalan ay napakahalagang elemento ng ating demokrasya. Ang pagboto ay maaaring magbago sa direksiyon ng ating bansa, sa ating estado, at mga komunidad kung saan tayo naninirahan. Ang inyong boto ay tumutulong na maghalal ng mga presidente, ating mga kinatawan sa Kongreso, ating lehislatura ng estado, mga miyembro ng konseho ng lungsod, mga hukom, at maraming iba pa na ang mga desisyon ay may tuwirang epekto sa ating pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng kahon ng balota, kayo ay may kapangyarihan din na tumulong na lumikha ng mga bagong batas o pawalang-bisa ang mga hindi ninyo sinasang-ayunan.

Ang karapatang bumoto ay matinding ipinaglaban. Ang mga babae, minorya, at hindi nagmamay-ari ng lupa ay pinagbabawalang bumoto noong una sa kasaysayan ng ating bansa. Noong 1911, ang mga babae ay nagkaroon ng karapatang bumoto sa California, siyam na taon bago ang karapatang bumoto ng mga babae ay iginarantiya sa Ika-19 na Susog sa Saligang-batas ng U.S. May 50 taon pa lamang ang nakalipas, pinirmahan ni Presidente Lyndon Johnson ang Batas sa mga Karapatan sa Pagboto, ang napakahalagang pederal na pagbabatas na idinisenyo upang alisin ang mga hadlang sa paglahok sa proseso ng paghalal para sa mga Aprikano Amerikano, at sa huli, para sa ibang mga minoriyang lahi. Tiniyak din ng mga beterano ng ating bansa na ang mga demokratikong prinsipyo, kabilang ang karapatang bumoto, ay pinoprotektahan.

Sa pagpaparehistro para makaboto at pagboto sa Araw ng Halalan, may kapangyarihan kayong palakasin ang ating demokrasya. Ang Kalihim ng Estado ng California ay nakalaang igalang ang pamana ng matatapang na lumaban para sa ating demokrasya sa pamamagitan ng pagprotekta sa inyong karapatang bumoto.

Ang patnubay na ito ay naglalarawan sa maraming karapatan at responsibilidad ng mga botante at nagkakaloob ng mahalagang impormasyon na kailangan ninyo upang bumoto at iparinig ang inyong tinig.



Maaari ba akong magparehistro para makaboto?

Upang magparehistro para makaboto sa California, ikaw ay dapat na:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos;
- Isang residente ng California;
- 18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Halalan;
- Kasalukuyang hindi nakabilanggo sa isang pang-estado o pederal na bilanguan o parolado para sa isang napatunayang peloni, at
- Kasalukuyang hindi ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan upang bumoto.



Paano ako magpaparehistro para makaboto?

Maaari mong bisitahin ang RegisterToVote.ca.gov o tawagan ang Nakahandang Linya ng Kalihim ng Estado sa **(800) 339-2957**.

Ang mga aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagkakaloob sa maraming lugar sa buong estado:

- Mga opisina sa mga halalan ng county o mga tanggapan ng lunsod
- Mga sentro ng pagboto o satelayt na opisina (kung saan angkop)
- Mga pampublikong aklatan
- Mga tanggapan ng koreo
- Sa mga opisina ng Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor
- Mga opisina ng mga serbisyong panlipunan ng estado at county
- Mga opisina ng kalusugan ng isip ng estado at county
- Mga opisina ng Kagawaran ng Rehabilitasyon
- Mga Sentro ng Independiyenteng Pamumuhay
- Mga Panrehiyong Sentro ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pagpapaunlad
- Mga opisina ng distrito ng Lupon ng Prankisya ng Buwis
- Mga opisina ng pangangalap ng sandatahang lakas

Kung ikaw ay may kard ng pagkakakilanlan o lisensiya sa pagmamaneho sa California, dapat mong ilagay ang numero sa iyong aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante. Kung wala ka ng isa sa dalawang uring iyon ng pagkakakilanlan, ibigay ang huling apat na bilang ng iyong numero ng social security. Kung wala kang numero ng social security, ikaw ay bibigyan ng isang walang-katulad na numero ng pagkakakilanlan para sa pagboto lamang.

Kailan ako magpaparehistro para makaboto?

Habang maaari kang magparehistro para makaboto kahit kailan, sa karamihan ng mga kaso ay dapat kang magparehistro para makaboto hindi kukulangin sa 15 araw bago sumapit ang araw ng halalan upang maging karapat-dapat bumoto sa halalang iyon. Pagkalampas ng huling araw na iyon, maaari kang may-kondisyong magparehistro para makaboto. Kontakin ang opisyal sa mga halalan ng iyong county o bisitahin ang sos.ca.gov para sa karagdagang impormasyon.

Dapat kang muling magparehistro para makaboto kung ikaw ay lumipat, nagpalit ng iyong pangalan, o gustong pumili ng o palitan ang iyong kinakatigang partidong pampulitika. Ang pinakamadaling paraan upang isapanahon ang iyong pagpaparehistro ay online sa RegisterToVote.ca.gov.

Paano ko pipiliin ang aking kinakatigang pampulitika?

Maaari mong piliin ang isa sa mga kuwalipikadong partidong pampulitika ng California kapag nagparehistro ka para makaboto. Ang pagpili ng isang kinakatigang partidong pampulitika ay tumitiyak na makakaboto ka para sa kandidato ng partidong iyon sa isang pampanguluhang primaryang halalan.

02
★ Maaari mo ring ilagay sa iyong aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante na hindi mo gustong pumili ng isang partidong pampulitika, na nangangahulugang ikaw ay irerehistro bilang isang botanteng Walang Kinakatigang Partido (No Party Preference, NPP). Sa mga pampanguluhang primaryang halalan, ang ilang partidong pampulitika ay nagpapahintulot sa mga botanteng NPP na tumulong na piliin ang kanilang mga kandidato. Sa lahat ng mga halalan, ang mga botanteng NPP ay maaaring bumoto para sa mga panukala sa balota at mga kandidatong tumatakbo para sa iminumungkahi-ng-botante, lokal, at di-partidistang mga katungkulan.

Paano gumagana ang mga primarya at pangkalahatang halalan?

Ang isang primaryang halalan ay nagpapasiya ng mga kandidatong susulong sa isang pangkalahatang halalan, gaganapin ilang buwan pagkaraan. Ang mga katungkulan pambatasan ng estado, pangkongreso ng U.S., at hinihingi ng saligang-batas ng estado ay kilala bilang mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan. Sa isang primaryang halalan, lahat ng mga kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay inililista sa isang balota. Sinumang botante ay maaaring bumoto para sa sinumang kandidato sa bawat labanan, sa kabila ng kinakatigang partido. Ang nangungunang-dalawa na kandidato, anuman ang kinakatigang partido, na nakatanggap ng pinakamaraming boto sa bawat primarya ay susulong sa pangkalahatang halalan. Pagkatapos ng isang nangungunang-dalawa na primarya, ang isang pangkalahatang halalan ay dapat ganapin kahit ang isang kandidato ay nakatanggap ng mayoriya ng boto (hindi kukulangin sa 50 porsiyento + 1) at kahit dalawa lamang ang kandidato sa primaryang halalan.

Itong nangungunang-dalawa na sistema ng primarya ay hindi pinairal sa mga kandidatong tumatakbo para sa presidente ng U.S., sa komite sentral ng county, o mga lokal na katungkulan.

Ako ba ay nakarehistro para makaboto?

Upang alamin ang katayuan ng iyong pagpaparehistro bilang botante, bisitahin ang voterstatus.sos.ca.gov o tawagan ang opisina sa mga halalan ng iyong county.


Makakaboto ba ako sa pamamagitan ng koreo?

Oo, sinumang nakarehistrong botante ay makakaboto sa pamamagitan ng koreo. Dapat kang humiling ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo nang hindi kukulangin sa pitong araw bago ang isang araw ng halalan upang maging karapat-dapat bumoto sa pamamagitan ng koreo sa halalang iyon. Kumpletuhin ang aplikasyon para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa patnubay na impormasyon para sa botante ng iyong county, humanap nito sa sos.ca.gov, o kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county. Maaari ka ring magpadala ng nakasulat na kahilingan na kasama ang iyong pangalan at ang direksiyon kung saan ka naninirahan, ang direksiyon kung saan mo gustong matanggap ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, iyong pirma, at ang pangalan at petsa ng halalan kung saan gusto mong bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Upang malaman kung ikaw ay nagkapag-aplay na para makaboto sa pamamagitan ng koreo, bisitahin ang voterstatus.sos.ca.gov o kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county.

Upang matiyak na ito ay darating bago ang huling araw, ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay maaaring ibalik:

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ang iyong binotohang balota ay dapat na nilagyan ng tatak-pangkoreo sa o bago ang Araw ng Halalan at natanggap ng opisina sa mga halalan ng iyong county nang hindi mas huli kaysa tatlong araw pagkaraan ng Araw ng Halalan.
- **Nang personal:** Maaari mong ihatid ang iyong binotohang balota sa opisina sa mga halalan ng iyong county, sa isang lokasyong hulugan ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, sa sentro ng pagboto (kung saan angkop), o sa alinmang lugar ng botohan sa loob ng estado bago ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.



Makakapagpalista ba ako upang permanenteng bumoto sa pamamagitan ng koreo?

Oo, sinumang nakarehistrong botante ay maaaring humiling na permanenteng bumoto sa pamamagitan ng koreo at awtomatikong tumanggap ng isang ipinakokoreong balota bawat halalan. Makakansela mo ang iyong katayuan bilang permanenteng botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo kahit kailan. Ang opisyal sa mga halalan ng iyong county ay magkakansela lamang ng iyong katayuan bilang permanenteng botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo kung hindi ka bumoto sa apat na magkakasunod na pambuong-estadong pangkalahatang halalan.

Pano ako maaaring magparehistro at bumoto kung ako ay isang botanteng militar o nasa ibang bansa?

Pagpaparehistro para Makaboto:

Ang botanteng militar o nasa ibang bansa ay maaaring magparehistro para makaboto sa alinman sa mga sumusunod na paraan: (1) online na porma ng Kalihim ng Estado sa RegisterToVote.ca.gov; (2) Online na Katulong ng Pederal na Programang Tulong sa Pagboto (Federal Voting Assistance Program, FVAP) sa fvap.gov/california; o (3) Aplikasyon para sa Pederal na Post Card (Federal Post Card Application, FPCA), makukuha sa fvap.gov/uploads/FVAP/Forms/fpca2013.pdf. Tatanggapin ng mga opisyal sa mga halalan ng county ang mga FPCA sa pamamagitan ng koreo o fax.

Paghiling ng Balota:

Kahit na ikaw ay nakarehistro o dating nakarehistro para makaboto sa iyong county, upang matanggap ang iyong mga materyal sa halalan at makaboto kapag wala ka sa iyong county habang naglilingkod at/o naninirahan sa ibang bansa, kailangan mong mag-aplay para sa isang balota ng pagboto sa

04



pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng pagpaparehistro online sa RegisterToVote.ca.gov o pagkumpleto ng FPCA sa fvap.gov, gaya ng nakadetalye sa itaas.

Pagbabalik ng Binotohang Balota:

Ang impormasyon tungkol sa pagbabalik ng balota, kabilang ang paraan para sa pagsusumite ng mga balota, para sa bawat county ng California ay nakalista sa website ng Kalihim ng Estado sa sos.ca.gov/elections/voter-registration/military-overseas-voters/. Ang mga binotohang balota ay hindi maaaring ibalik sa pamamagitan ng email.

Paano ako makakaboto kapag malayo ako na nasa kolehiyo?

Bilang isang Taga-California na naninirahan nang malayo habang nag-aaral sa kolehiyo, makakapili ka na magparehistro para makaboto gamit ang iyong tirahan o ang iyong direksiyon sa kolehiyo. Kapag nagpaparehistro para makaboto, magagawa mong tukuyin ang direksiyon kung saan nais mong irehistro at makakahiling ka na ipadala ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo habang nasa kolehiyo.

Paano ko malalaman kung ano ang lilitaw sa balota?

Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado:

Ang mga nakarehistrong botante ay awtomatikong tatanggap ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa koreo ilang mga linggo bago sumapit ang Araw ng Halalan. Itong di-partidistang patnubay ay may mga detalye tungkol sa pambuong-estadong mga panukala sa balota, ilang mga kandidato, at mga karapatan ng botante.

Ang Kalihim ng Estado ay gumagawa ng mga bersiyon na nasa audio at malalaking letra ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante para sa mga botanteng bulag o may kapansanan sa paningin. Ang mga patnubay ay nililimbag sa 10 wika: Ingles, Tsino, Hindi, Hapon, Khmer, Koreano, Espanyol, Tagalog, Thai, at Biyetnamis. Upang umorder ng anumang bersiyon ng mga patnubay na ito nang libre, tawagan ag Nakahandang Linya ng Kalihim ng Estado para sa Botante sa (800) 339-2957 o bisitahin ang sos.ca.gov.

Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County:

Ang mga opisyal sa mga halalan ng county ay nagpapakoreo ng isang patnubay na impormasyon para sa botante ng county sa bawat nakarehistrong botante. Ang patnubay ito ay nagpapakita ng magiging anyo ng iyong balota at kasama ang impormasyon tungkol sa mga lokal na kandidato, mga lokal na panukala sa balota, direksiyon ng iyong lugar ng botohan, isang aplikasyon para sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at iba pa. Ang patnubay ay maaaring maglarawan din ng kung paano makakaboto ang mga botanteng may kapansanan nang pribado at independiyente.



Paano ako boboto sa isang lugar ng botohan?

Paghahanap ng Iyong Lugar ng Botohan:

Kapag natatanggap mo ang iyong patnubay na impormasyon para sa botante ng county bago ang bawat halalan, ang iyong lugar ng botohan ay nakalista sa panlikod na pabalat. Kung hindi mo natanggap ang iyong patnubay, kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county. Mahahanap mo rin ang iyong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pagbisita sa voterstatus.sos.ca.gov, pagtawag sa Nakahandang Linya ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957, o pag-text sa salitang "Vote" sa GoVote (468-683).

Sa Iyong Lugar ng Botohan:

Ang mga lugar ng botohan ay bukas sa California mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan. Sa iyong lugar ng botohan, magpapakilala ka sa isang manggagawa sa botohan at ipaliliwanag nila ang proseso ng pagboto. Ang manggagawa sa botohan ay magbibigay sa iyo ng isang papel na balota, walang-katulad na passcode, o kard ng memorya ng kompyuter, depende sa sistema ng pagboto na ginagamit ng iyong county. Kung hindi ka pamilyar sa pagmarka sa balota o nakagawa ng pagkakamali sa iyong balota, humingi ng mga tagubilin sa isang manggagawa sa botohan.

Sa isang Sentro ng Pagboto:

06 ★ Ang ilang county ay gumagamit ng mga sentro ng pagboto. Ang mga sentro ng pagboto ay mananatiling bukas hanggang sa 10 araw bago ang Araw ng Halalan at katulad ng mga lugar ng botohan. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang sos.ca.gov o tawagan ang opisina sa mga halalan ng iyong county.

Paano kung ako ay may kapansanan o kailangan ng tulong sa pagboto?

Kung kailangn mo ng tulong sa pagmarka sa iyong balota, maaari kang pumili ng isa o dalawang tao upang tulungan ka sa kondisyon na alinman ay hindi iyong tagapag-empleyo, ahente ng iyong tagapag-empleyo, lider ng iyong unyon ng paggawa, o ahente ng iyong unyon ng paggawa.

Mga Botanteng May Kapansanan:

Ang mga pang-estado at pederal na batas ay nag-aatas na ang mga lugar ng botohan at mga sentro ng pagboto ay pisikal na mapunpuntahan ng mga botanteng may kapansanan. Ang mga opisyal sa mga halalan ng county ay nagsusuri sa bawat lugar at madalas na gumagawa ng mga pansamantalang pagbabago sa mga lugar para sa Araw ng Halalan. Bawat taong nagtatrabaho sa isang lugar ng botohan o sentro ng pagboto ay sinanay sa mga batas sa halalan at sa mga karapatan ng mga botanteng may kapansanan.

Bilang karagdagan, ang pang-estado at pederal na mga batas ay nag-aatas na ang lahat ng mga botante ay makaboto ng kanilang mga balota nang pribado at independiyente. Ang bawat lugar ng botohan o sentro ng pagboto ay dapat magtaglay ng isang makina sa pagboto na nagpapahintulot sa mga botante, kabilang ang mga bulag o may kapansanan sa paningin, upang bumoto

nang walang tulong. Ang makina sa pagboto ay nagpapahintulot sa iyo na beripikahin ang iyong mga piniling iboto at, kung may pagkakamali, nagbibigay sa iyo ng kakayahan na iwasto ang mga pinili bago isumite ang iyong pangwakas na balota.

Kung ang pagboto sa gilid ng bangketa ay magagawa, maaari kang makalapit hanggang posible sa lugar ng pagboto at ang isang opisyal sa mga halalan ay magdadala sa iyo ng mga materyal sa pagboto. Kontakin ang opisina sa mga halalan ng iyong county upang malaman kung ang pagboto sa gilid ng bangketa ay magagawa.

Ang ilang county ay nag-aalay ng mapupuntahang opsiyon na tinatawag na RAVBM (magagawa sa malayo na pagboto sa pamamagitan ng koreo). Ang RAVBM ay nagpapahintulot sa mga botanteng may kapansanan na matanggap ang kanilang mga balota sa bahay at markahan ang mga ito nang independiyente at pribado bago ipadala ang mga ito pabalik sa mga opisyal sa mga halalan. Kontakin ang opisyal sa mga halalan ng iyong county upang malaman kung ang opsiyong ito ay iniaalay sa iyong county.

Tulong sa Wika:

Ang Kalihim ng Estado at ang mga opisina sa mga halalan ng county ay nag-aalay ng maraming materyal na may kaugnayan sa halalan at tulong sa mga wikang sinasaklaw sa ilalim ng pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto. Ang mga sinasaklaw na wika ay maaaring mag-iba batay sa county pero maaaring kabilang dito ang: Tsino, Hindi, Hapon, Khmer, Koreano, Espanyol, Tagalog, Thai, at Biyetnamis. Makipag-ugnayan sa opisina sa mga halalan ng iyong county para sa karagdagang impormasyon.



Kailangan ko bang magpakita ng pagkakakilanlan kapag boboto?

Sa karamihan ng mga kaso, ang mga botante ng California ay hindi inatasan na magpakita ng pagkakakilanlan bago sila bumoto. Kung ikaw ay boboto sa unang pagkakataon pagkatapos magparehistro sa pamamagitan ng koreo o online at hindi nagbigay ng iyong numero ng pagkakakilanlan, numero ng lisensiya sa pagmamaneho sa California, o ng huling apat ng bilang ng iyong social security sa iyong aplikasyon para sa pagpaparehistro, maaaring hingin sa iyo na magpakita ng isang anyo ng pagkakakilanlan pagpunta mo sa mga botohan. Tiyakin na magdala ng pagkakakilanlan sa mga botohan o magsama ng kopya nito sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Para sa isang kumpletong listahan ng tinatanggap na anyo ng pagkakakilanlan, makipag-ugnayan sa opisina sa mga halalan ng iyong county o basahin ang "Polling Place ID Requirements" (Mga Iniaatas sa ID sa Lugar ng Botohan) sa sos.ca.gov/elections/additional-elections-information/help-america-vote-act/.

Paano kung ang aking pangalan ay wala sa listahan na nasa lugar ng botohan?

08



Kung ang iyong pangalan ay wala sa listahan na nasa lugar ng botohan, ikaw ay may karapatang botohan ang isang pansamantalang balota. Ang isang pansamantalang balota ay anyong isang regular na balota pero inilalagay sa isang espesyal na sobre. Ang balota ay ibibilang pagkatapos makumpirma ng mga opisyal sa halalan na ikaw ay nakarehistro para makaboto sa county na iyon at hindi ka pa nakaboto sa halalang iyon. Ang isang manggagawa sa botohan ay makakapagbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung paano aalamin kung ang iyong pansamantalang balota ay ibinilang at, kung hindi ito ibinilang, ang dahilan kung bakit.

Mga opisina sa mga halalan ng county

Alameda (510) 272-6933	Madera (559) 675-7720	San Luis Obispo (805) 781-5228
Alpine (530) 694-2281	Marin (415) 473-6456	San Mateo (650) 312-5222
Amador (209) 223-6465	Mariposa (209) 966-2007	Santa Barbara (805) 568-2200
Butte (530) 538-7761	Mendocino (707) 234-6819	Santa Clara (408) 299-8683
Calaveras (209) 754-6376	Merced (209) 385-7541	Santa Cruz (831) 454-2060
Colusa (530) 458-0500	Modoc (530) 233-6205	Shasta (530) 225-5730
Contra Costa (925) 335-7800	Mono (760) 932-5537	Sierra (530) 289-3295
Del Norte (707) 465-0383	Monterey (831) 796-1499	Siskiyou (530) 842-8084
El Dorado (530) 621-7480	Napa (707) 253-4321	Solano (707) 784-6675
Fresno (559) 600-8683	Nevada (530) 265-1298	Sonoma (707) 565-6800
Glenn (530) 934-6414	Orange (714) 567-7600	Stanislaus (209) 525-5200
Humboldt (707) 445-7481	Placer (530) 886-5650	Sutter (530) 822-7122
Imperial (442) 265-1060	Plumas (530) 283-6256	Tehama (530) 527-8190
Inyo (760) 878-0224	Riverside (951) 486-7200	Trinity (530) 623-1220
Kern (661) 868-3590	Sacramento (916) 875-6451	Tulare (559) 624-7300
Kings (559) 582-3211 ext. 4401	San Benito (831) 636-4016	Tuolumne (209) 533-5570
Lake (707) 263-2372	San Bernardino (909) 387-8300	Ventura (805) 654-2664
Lassen (530) 251-8217	San Diego (858) 565-5800	Yolo (530) 666-8133
Los Angeles (562) 466-1310	San Francisco (415) 554-4375	Yuba (530) 749-7855
	San Joaquin (209) 468-2885	



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto at mga halalan, tumawag sa (800) 339-2957 o bisitahin ang www.sos.ca.gov.

TTY/TDD (800) 833-8683

Upang mahanap ang iyong lugar ng botohan, bisitahin ang voterstatus.sos.ca.gov o i-text ang salitang "Vote" sa GoVote (468-683).

Upang mahanap ang impormasyon tungkol sa iyong pagpaparehistro bilang botante at ibang impormasyon tungkol sa mga halalan na may kaugnayan sa iyo, bisitahin ang voterstatus.sos.ca.gov

Ang Kalihim ng Estado ay nagkakaloob ng tulong sa botante sa 10 wika.

English (800) 345-VOTE (8683)

中文 /**Chinese** (800) 339-2857

हिंदी/**Hindi** (888) 345-2692

日本語 /**Japanese** (800) 339-2865

ខ្មែរ/**Khmer** (888) 345-4917

한국어 /**Korean** (866) 575-1558

Español/Spanish (800) 232-VOTA (8682)

Tagalog (800) 339-2957

ภาษาไทย/**Thai** (855) 345-3933

Việt ngữ /**Vietnamese** (800) 339-8163



RegisterToVote.ca.gov

Sundan ang Kalihim ng Estado ng California sa Twitter [@CASOSvote](https://twitter.com/CASOSvote) at gustuhin ang aming pahina sa Facebook.com/CaliforniaSOS



California Secretary of State Alex Padilla
www.sos.ca.gov